



Lungsod at County ng San Francisco
Departamento ng Pamublikong Kalusugan
San Francisco Health Network
Behavioral Health Services

Pangalan:

BIS Number (Medical record number):

RU Number (Reporting unit number):

Mga Tuntunin at Kondisyon sa Paggamit ng BHS Consumer Portal

Sa San Francisco Health Network, ang BHS ay nag-aalok ng portal sa mga konsumer. Pwede kong piliin na gamitin o di gamitin ang BHS Consumer portal. Ang aking paggamit sa BHS Consumer Portal ay nangangahulugan na aking naiintindihan at ako'y sumasang-ayon sa mga sumusunod:

1. Aking naiintindihan na makikita ko ang mga pangunahing elemento tungkol sa akong health record sa BHS Consumer Portal. Aking nauunawaan na ang portal ay hindi kumakatawan sa aking buong record. Maaari rin akong humiling na mga de-papel na kopya ng aking clinical record.
2. Kung ako ay nag-aalala mahihirapang pigilan ang aking pamilya, kasama, o iba mula sa pag-access sa aking BHS Consumer Portal maaaring hindi ko ito i-activate. Ang BHS Consumer Portal ay maaaring magpakita ng mga impormasyon tungkol sa aking pangkalusugang pangkaisipan, pag-abuso sa mga sangkap, at emosyonal, pisikal, at sexual na pang-aabuso.
3. Ang BHS Consumer Portal ay hindi kapalit ng sa personal na pangangalaga ng kalusugan.
4. Hindi ko susubukang mag-access ng emerhensyang pangangalaga mula sa portal.
 - a. Kung ako, o ang aking miyembro ng pamilya ay nagkakaroon ng medical or pangkaisipang emerhensya, ako ay tatawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.
 - b. Ako ay tatawag sa aking Behavioral Health Clinic kung kinakailangan ko ng pangangalaga sa lalong madaling panahon.
5. Ang BHS Consumer Portal ay maaaring magbigay sa akin ng mas madaling paraan para ma-access ko ang aking impormasyon sa aking health record. Subalit, walang benepisyo or garantiya ang sinisiguro.
6. Ang paggamit ng BHS Consumer Portal ay hindi mag-aapekto sa aking karapatan sa personal na pangangalaga o paggamot o sa aking pagiging karapat-dapat para sa mga programang pang-pinansyal.
7. Ang impormasyon sa BHS Consumer Portal ay magagamit ko at ng aking tagapag-bigay ng pangangalaga sa aking behavioral health.
8. Lahat ng impormasyon sa BHS Consumer Portal ay naka-encrypt. Ang BHS Consumer Portal ay gumagamit ng proseso ng pagpasok na may seguridad.
9. Para magamit ko ang BHS Consumer Portal ako ay kinakailangan may email address.
10. Kinakailangan kong gawin aking parte sa pagprotekta ng pagka-kompidensyal at pribado ng aking impormasyong pangkalusugan. Responsibilidad kong ang mga sumusunod:
 - a. Kailangan kong gumamit ng email address, login, at password na hindi ko DAPAT IPAMAHAGI sa kahit na sino man.
 - b. Magkakaroon ako ng kakaibang login at password para makapasok sa BHS Consumer Portal
 - c. Hindi ko dapat KAILANMAN IPAMAHAGI ANG AKING USER NAME AT PASSWORD.
 - d. Dapat kong i-log out at isara ang aking web browser kung ako ay tapos ng gumamit ng BHS Consumer Portal.
 - e. Kung ako ay hindi mag-log out ng mabuti, may ibang pwedeng makakita ng aking impormasyon sa BHS Consumer Portal.
 - f. Kung aking nakilala ito, kung aking binubunyag ang aking impormasyong pangkalusugan sa taong hindi legal na kinakailangang itago ito ng kumpidensyal, ito ay maaaring ipamahagi pang muli at hindi ma mapoprotektahan. Ang batas ng California ay kinakailangan na ang mga tumatanggap ay iwasang ipamahagi sa iba ang nasabing impormasyon maliban kung may nasusulat na pagpayag o tiyak na kinakailangan ng batas.
11. Kung ang kliyente ay pinayagan akong makita ang kanyang health record (bilang Kinatawan):
 - a. Kailangan ko ng sariling account login at password.
 - b. Hindi ko pwedeng gamitin ang login at password ng pasyente.
 - c. Ang batas ng California ay nangangailangan na iwasan kong ipamahagi sa uba ang naturang na impormasyon maliban kung ang pasyente ay may nasusulat na pagpayag o sa tiyak na pangangailangan ng batas.

PAKIUSAP NA BASAHING ANG LAHAT SA ITAAS BAGO PIRMAHAN SA IBABA:

KUNG HINDI AKO SUMSASANG-AYON SA MGA TUNTUNIN AT KONDISYON NG PAGGAMIT, hindi ko maaaring gamiting ang BHS Consumer Portal upang makita ang aking impormasyong pangkalusugan. Maaari akong kumuha ng de-papel na kopya ng akong medical records sa pamamagitan ng kagawarang ng Information Management ng BHS SAN FRANCISCO HEALTH NETWORK.

Pirma: _____

Petsa: _____